IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# BALIK-TANAW SA PINAGBATAYANG KUWENTO NG MGA BARANGAY SA JUBAN, SORSOGON

**[1]Dexie D. Diaz, [2]Felisa D. Marbella**

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

*Abstrak :* Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang pinagbatayang kuwento ng mga barangay sa Juban, Sorsogon. Ginamitan ng deskriptib na disenyo sa pag-aaral na ito upang malaman ang iba't ibang pinagmulang kuwento ng mga barangay sa Juban, Sorsogon. Random sampling ang ginamit sa pagtukoy ng 125 na impormante mula sa 25 na barangay. Ginamit ng mananaliksik ang interbyu-iskedyul sa pangangalap ng datos. Nagsagawa rin ng interbyu at FGD ang mananaliksik sa matatandang tao na may alam sa pinagmulan ng pangalan ng bawat barangay. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon sa pamamagitan ng nararapat na estadistika.

Natuklasan na ang bawat barangay sa bayan ng Juban, Sorsogon ay mayroong mga kahanga-hangang kuwentong pinagmulan. Iba't ibang paksa ang kuwentong pinagmulan ng mga pangalan ng bawat barangay sa Juban, Sorsogon. Mayroon naiambag ang mga kuwento ng bawat barangay ng Juban sa Panitikang Jubangnon. Inirerekomena na hikayatin ang mga mag-aaral at mga mamamayan sa komunidad na basahin at tangkilikin ang sariling panitikan upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kamalayan sa sariling pinagmulan. Upang higit na makilala at mapahalagahan ang lugar, kultura, kasaysayan at yamang mayroon, nararapat na makipagtulungan at makipagkaisa ang lahat sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga kuwentong pinagmulan ng kanilang sariling lugar. Ang mga mga nakalap na kuwentong pinagmulan ng bawat barangay sa bayan ng Juban, Sorsogon ay maaaring magamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng mga guro upang higit na kawili-wili at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Maaari din itong gawing babasahing lokal na isang epektibong paraan sa pagmulat at pagpapalawak ng kamalayan ng mga mamamayan ng Juban sa kanilang kultura at kahanga-hangang panitikan. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang maging sandigan at gabay ng susunod na mga mananaliksik upang magbibigay-daan sa paghanap, pagkilala at paglathala sa mga natatagong panitikan.

## 2.INTRODUKSYON

Ang panitikan ay kaugnay at salamin ng kultura at kasaysayan ng isang lahi. Sa pamamagitan ng panitikan, naipapahayag ang damdamin, gawi, kaugalian, at tradisyon ng mga bumubuo ng lahing ito. Dito makikita at mababatid ang pagiging katangi-tangi ng isang lahi sa iba pang lahi dahil sa pagiging mayaman nito sa panitikan. Napakahalaga pa rin na makilala ng buong mundo ang isang panitikan na siyang magsisilbing tulay upang magkaunawaan ang bawat isa sa ilang dako ng mundo. Ang pagtuklas at pag-unawa sa kasaysayan ng bawa't bagay at lugar sa mundo ay kasasalaminan ng kung gaano kayaman ang kultura nito. Ang bawat kabihasnan ay mayroong natatanging kasaysayan na may malaking kontribusyon sa progreso at paglago ng panitikan. Mula sa panitikang ito masasalamin natin ang paglago ng kultura, tradisyon, mga paniniwala, gobyerno, teknolohiya, at lahat ng patungkol sa buhay ng bawat tao. Ang pag-aaral sa nakaraan ay isang nakatutulong na gabay sa pagsipat sa malinaw at detalyadong paglalarawan ng ating pagsulong.

Ang ating bansang Pilipinas ay may masaganang panitikan na kinapapalooban ng mga kwento, kasaysayan at pinagmulan ng mga bagay-bagay at lugar. Subalit sa paglipas at pagsulong ng panahon ay masasabing unti-unti nang nalilimutan at napag-iiwanan ang mga ito dahil sa hindi nailathala o kaya'y tanging mga nakatatanda lamang ang nakakaalam ng mga kuwentong ito. Sa modernong mundo na laganap na ang makabagong paggamit ng teknolohiya ay marahil para sa mga kabataang sa kasalukuyang panahon hindi na kawili-wiling tuklasin ang mga pinagmulang kwento sa lugar na kanilang tirahan. Subalit kung pagbibigyan ng pansin at ng pagkakataon ay maaari pang matuklasan ang mga kuwento at kasaysayang ito na nakatago sa isipan ng ating mga nakatatanda na maililipat o maipapamana sa mga bagong henerasyon. Sa sama-samang pagsusumikap maaaring malikom ang mga kuwentong ito, maisulat, at mailimbag upang mapreserba at mabasa pa ng mga susunod na henerasyon. Ito'y napakahahalaga sa pagbuo ng makataong kamalayan ng mga kabataang Pilipino na may kritikal na pag-iisip. Kaya't marapat lamang na lumingon at bigyang pagkilala ang lumipas na kasaysayan na may malaking ambag sa ating buhay sa nakalipas, maging sa kasalukuyan hanggang sa pagharap sa ating kinabukasan. Ito'y tungkulin natin bilang tao na kumilala sa ating sariling pinagmulan.

Nakapaloob sa ating Saligang Batas ng 1987 Artikulo XIV, Seksyon 15[1] na "Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa". Dahil dito, ang isa sa mga responsibilidad natin bilang mga mamamayan ay pangalagaan ang ating mga kultural na yaman habang pinapaunlad din ang panitikan, kasaysayan, at kultura ng ating komunidad. Marami pang

panitikan ang hindi pa natuklasan at nailalathala sa Bikol kung kaya't nararapat na higit na pagtuunan ng pansin ang pagtuklas sa mga natatanging akdang ito upang magkaroon ng mataas na pagpapahalaga ang mga tao sa kanilang pagkakakilanlan. Ang Juban ay isa sa bayan na kabilang sa probinsiya ng Sorsogon na mayroong mayamang kultura at kasaysayan na aktibong itinataguyod, pinaglalaanan ng pagkilala ng lokal na pamahalaan at maging ng komunidad.

Ang bayan ng Juban ay isa sa ikaapat na antas na munisipalidad sa lalawigan ng Sorsogon. Ang kabuuang sukat ng bayan ng Juban ay 121.49 kilometro kuwadrado o 46.91 milya kuwadrado na bumubuo sa 5.73 porsiyento ng kabuuang lawak ng Sorsogon. Ang populasyon nito ayon sa 2020 Census ay humigit-kumulang 35,297. Ito ay kumakatawan sa 4.26 porsyento ng kabuuang populasyon ng lalawigan ng Sorsogon, o 0.58 porsyento ng kabuuang populasyon ng Rehiyon ng Bicol. Batay sa mga pigurang ito, ang densidad ng populasyon ay kinukuwenta sa 291 na naninirahan kada kilometro kuwadrado o 752 na naninirahan kada milya kuwadrado. PhilAtlas.com[2] Ang bayan ng Juban ay binubuo ng 25 na barangay: Anog, Aroroy, Bacolod, Binanuahan, Biriran, Buraburan, Calateo, Calmayon, Carohayon, Catanagan, Catanusan, Cogon, Embarcadero, Guruyan, Lajong, Maalo, North Poblacion, Puting Sapa, Rangas, Sablayan, Sipaya, South Poblacion, Taboc, Tinago, at Tughan. Pagtutuunan ng pansin ng mananaliksik ang mga pinagmulang kuwento ng mga nabanggit na barangay sa layuning bigyang-halaga at magbigay ng pagkilala sa mga natatanging kuwentong nakapaloob sa mga barangay na ito.

Ginawa ang pag-aaral na ito upang maisakatuparan ang hinihingi ng Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 18, Bilang 2[3] na "Dapat pasiglahin, tangkilikin ng Estado ang mga pananaliksik at mga pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura. Alinsunod dito, inilunsad naman ng dating gobernador ng Sorsogon na si Francis Escudero ang "Cultural Mapping Orientation" noong ika-17 ng Enero, na isinakatuparan upang magdokumento, mabigyang halaga at mapayaman ang kultura at kasaysayan ng Sorsogon na kung saan ay sumasang-ayon din sa Republic Act No. 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009. Napakahalagang maipakilala at maipamulat sa mga makabagong henerasyon ang kabatiran sa pinagmulan ng kanilang lugar, malaman ang kanilang pagkakakilanlan at maipagmalaki ang kanilang natatanging kultura. Ayon sa Republic Act No. 10066 o kilala rin bilang National Heritage Act of 2009[4] ay "may layong proteksyonan, panatilihin, pangalagaan at itaguyod ang pangkulturang pamana, pag-aari, kasaysayan at etnisidad ng mga lokal na komunidad". Mahihinuha natin mula rito na responsibilidad natin ang pangalagaan at pagyamanin ang ating panitikan, kultura at kasaysayan. Kaya't mula sa isasagawang pag-aaral na ito, ito'y magsisilbing paraan upang maka-ambag sa nilalayon ng batas na ito sa pamamagitan ng pagtuklas sa iba't ibang kasaysayan ng mga barangay sa Juban bilang bahagi ng kulturang Filipino sa kasalukuyan.

Napapanahon na upang pag-ukulan ng pansin ang mga istoryang nagmumula sa bawat barangay sa Juban na mula naman sa mga kaisipan ng mga matatanda batay sa kanilang pagkakaalala at pagbabahagi bilang karagdagan sa panitikang Filipino. Sa pamamagitan nito, mapapahalagahan ng mga mag-aaral at mamamayan ang kinagisnang kultura, kasaysayan at panitikan. Nararapat lamang na ito'y kanilang tangkilikin at pagyamanin ito'y dahil sa bahagi na ito ng kanilang katauhan at makapaghihikayat din sa kanila na magsulat ng mga akdang pampanitikan gamit ang kanilang katutubong wika. Sa pagsusuri ng mananaliksik, karamihan sa mga kabataan sa kasalukuyang panahon ay walang ideya sa pinagmulang kuwento ng kanilang barangay. Marahil ay sa kakulangan ng mga babasahin na naitatala at naililimbag na naglalaman ng mga pinagmulang kuwento ng kanilang lugar. Ang nabanggit na sitwasyon ang nagtulak sa mananaliksik na gumawa ng pag-aaral patungkol sa mga pinagmulang kuwento ng bawat barangay sa Juban.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Impormante

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng limang (5) residente sa bawat barangay ng Juban, Sorsogon. Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay 125 na indibidwal mula sa 25 barangay. Ang pagpili ng mga impormante ay ginawa gamit ang purposive sampling.

### 3.2 Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Sinimulan ang pagkalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagbuo ng liham-pahintulot upang maipabatid at mapagtibay ang ginawang pag-aaral. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa opisina ng alkalde sa bayan ng Juban, Sorsogon at maging sa punongbarangay at iba pang opisyal ng bawat barangay upang makahingi ng pahintulot na maisagawa ang pagkalap ng datos.

Ang mananaliksik ay unang nagtungo sa punongbarangay upang humingi ng pahintulot at gabay sa paghahanap ng mga impormante. Ang mga impormante ay pinuntahan ng mananaliksik sa sariling tahanan upang makipag-ugnayan.

Inilahad at ipinaliwanag ang layunin kung bakit magsasagawa ng pananaliksik. Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang paglikom ng datos at ang pakikipagpanayam sa mga matatandang tao sa bawat baranggay na may alam sa mga sinaunang panitikan na maaaring pinagmulan ng kuwento. Bago simulan ang pakikipanayam ay humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa paggamit ng audio-rekorder upang ma -ekord ang mangyayaring panayam. Ang mga nalikom na datos ay naging basehan sa pagbuo ng gawain at konklusyon ng pag-aaral.

Ang datos ay nilikom sa loob ng siyam (9) na Sabado mula Abril 24, 2023 hanggang Hunyo 24, 2023. Sa bawat Sabado ng pananaliksik, humigit-kumulang 25 impormante mula sa tatlong barangay ang kinayang kapanayamin ng mananaliksik. Isinagawa rin ang focus group discussion sa ilang pagkakataon. Ang pinakakaraniwang paraan ng pagkolekta ng impormasyon ay ang pakikipag-ugnayan sa punong barangay o iba pang opisyal ng barangay, paghanap ng mga impormante, at paghingi ng kopya ng record ng kasaysayan mula sa mga sekretarya ng bawat barangay. Humingi rin ng kopya sa opisina ng turismo upang mas madagdagan ang impormasyong nakuha.

## IV. RESULTA

**Balik-tanaw sa Kuwentong Pinagbatayan ng mga Barangay sa Juban, Sorsogon**

Ang bayan ng Juban, Sorsogon ay may likas na kagandahan, na kinapapalooban ng 25 barangay. Ayon sa pagsusuri ng mananaliksik, mayroong walong (8) pinaghanguan ang pangalan ng bawat barangay sa bayan ng Juban, ang mga ito ay lokasyon, pangyayari, halaman o punongkahoy, kalikasan, gawain o pamumuhay ng mga mamamayan, pag-uugali, pangalan ng tao, at

hayop. Ang pananaliksik ay nagpapakita na ang mga pangalan na ibinibigay ng mga tao sa mga lugar sa bawat barangay ay nakabatay sa kung ano ang mayroon sa kalikasan o kung ano ang matatagpuan dito. Tinukoy ng pag-aaral na ito ang mga tiyak na barangay na malapit sa mga bukal, ilog, sapa at iba pang salik na malaki ang naitutulong sa buhay at kabuhayan ng mga tao.

**Pinagbatayang Kuwento ng Bawat Barangay sa Juban, Sorsogon.**

Ang mga pangalan ng barangay Binanuahan, Calateo, Catanusan, Embarcadero, Guruyan, North Población, at South Población ay hango sa lokasyon. Napag-alaman na ang mga pangalan ng mga nabanggit na barangay ay kilala na noon at ginagamit pa rin ito ng mga tao bilang pangalan ng mga ito ngayon.

Ayon sa mga kwento ng mga matatanda ang barangay Binanuahan ay kilala noon sa tawag na "Banua" na ibig sabihin ay centro. Dahil dito natawag itong Barangay Binanuahan mula noon hanggang ngayon na marami na ang naninirahan. Ang barangay Calateo naman ay nagmula sa salitang "kala tiyo" na tumutukoy sa bahay ng isang Kastilang naninirahan sa lugar. Ang barangay Catanusan ay nagmula sa "matanos na dalan". Samantalang ang barangay Embarcadero ay nagmula naman sa "embar" na nangangahulugang daungan ng mga sasakyang pandagat. Ang barangay Guruyan ay pinangalanan dahil sa lugar na pinagpuputulan at pinaglilinisan ng mga puno ng uway, rattan, at iba pang puno na sagana sa lugar. At ang mga barangay North Poblacion na nasa hilaga at South Poblacion na nasa timog ay hango naman sa pagkakahati ng Poblacion sa dalawang bahagi.

Maituturing na mabisang basehan para sa pagbibigay ng pangalan sa lugar ang mismong lokasyon ng barangay. At higit na madaling matagpuan ang isang lugar kung magiging pamilyar ang mga mamamayang naninirahan sa mismong lokasyon nito katulad na lamang ng mga nabanggit na barangay. Sinang-ayunan ito sa ginawang pag-aaral ni Gajo (2018)[6] na sa pagtuklas sa mga kuwento ng pinagmulan ay nabigyang kamalayan ang mga tao ukol sa pinagmulan ng sariling lugar, at pagkakaroon ng interes na alamin ang kuwento ng sariling lugar.

Mayroong anim (6) na baranggay na may mga pinagmulang kuwento ang pangalan, ang mga ito ay ang barangay Calmayon, Caruhayon, Rangas, Taboc, Tinago, at Tughan. Pinaniniwalaan ng mga impormante na ang pinagmulang kuwento ng barangay Calmayon ay base sa "magcalma at makiayon" na siyang nasambit ng isang matandang umaawat sa pagtatalo ng pangkat ng mangangaso at magsasaka na nakatira sa lugar. Ang barangay Caruhayon ay nagmula sa "caruha" na ang ibig sabihin ay kambal na siyang nasambit ng dayuhan nang makita ang kambal na anak ng pamilyang Guariño. Ang barangay Rangas ay hango naman sa tinamong "pangas" o sugat ng isang Kastila nang tumawid sa ilog, ayon sa impormante. Habang ang barangay Taboc ay nagmula naman sa "tabucan" na ibig sabihin ay ang isang manlalakbay ay kailangan tumawid sa Cadac-an river bago maabot ang barangay. Pinangalanan naman ang barangay Tinago dahil sa pagtago noon ng mga mamamayang Pilipino sa mga mananakop na hapon sa mga maliliit na kuweba at matataas na bato. At ang barangay Tughan ay hango naman sa "pagtuga" o pagputok ng bulkan. Ito ay nagpapatunay na ang ilan sa pinagmulang kuwento ng pangalan ng barangay sa Juban ay hango sa pangyayari.

Upang mas maunawaan ang mga pagkakaiba sa iba't ibang kultura, mahalagang ang akdang tinatalakay ay tumpak na naglalarawan ng mga tunay na kaganapan at naglalahad ng makatotohanang impormasyon. Ipinakikita rito na bagama't may malaking papel ang wika sa paglikha ng pangalan ng bawat barangay, maaari pa rin itong ituring na totoo dahil ito ay sumasalamin sa paraan ng pamumuhay na patuloy na kinakatawan ng mga residente hanggang sa kasalukuyan.

Pinatunayan ito ng pag-aaral ni Dichoso (2019)[7], ang bawat barangay ng Castilla ay may natatanging pinagmulang kwento. Napag-alaman niya na maaaring magamit sa pagpapaunlad ng cultural competence ng mga mag-aaral ang pagtuturo tungkol sa pinagmulang kuwento sa panitikan.

Ang kuwentong pinagmulan naman ng mga barangay Añog, Aroroy, Biriran, Catanagan, at Cogon ay hango sa halaman o punongkahoy na magpahanggang sa kasalukuyan ay siyang pagkakakilanlan ayon sa 25 impormante na nakapanayam ng mananaliksik.

Ang barangay Añog ay mula sa "ma-nyog" o maraming bunga ng niyog, habang ang barangay Aroroy ay nagmula naman sa bungang ugat na tinatawag na "oraro". Ang barangay Biriran ay hango sa "biriran" o mas kilala sa tawag na balimbing sa katagalugan na isang uri ng prutas na mayroong nag-aagaw sa tamis at asim ang lasa. At mula naman sa punong "tan-ag" ang barangay Catanagan. Samantalang hango naman sa damong "cogon" na laganap na tumutubo sa lugar ang pangalan ng barangay Cogon.

Mababatid na sagana sa mga halaman at punongkahoy ang mga barangay sa bayan ng Juban, na nakatawag naman ng pansin sa mga dayuhang napadpad dito. Kaya't bunga nito ay hinango ang mga pangalan ng mga barangay sa uri ng halaman o punongkahoy na masaganang tumutubo at nabubuhay sa lugar.

Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Espinocilla (2022)[8] natuklasan din niya na ang bawat baranggay sa bayan ng Gubat ay mayroong makulay na kuwento ng pinagmulan. May nagmula sa pangalan ng puno, sa halaman, may hango rin sa kakaibang pangyayari, lokasyon ng lugar, buhat din sa pagiging relihiyoso, buhat sa kilalang tao, hango sa hayop, hango rin sa mga bagay na makikita sa lugar, gusali, kuweba, kapistahan at mga produktong gawang-kamay.

Ang mga barangay ng Bacolod, Buraburan, at Puting Sapa ay hango ang mga pangalan sa kalikasan. Ang barangay Bacolod ay hinango sa "kulod-kulod" o mga tambak ng buhangin at bato at nagiging maliliit na bulubundukin na nabubuo sa may gilid ng ilog kapag bumabagyo. Hango naman sa "bulukad-lukad" na ang ibig sabihin ay ang pagdaloy ng tubig sa isang bukal ang barangay Buraburan. Habang ang Puting Sapa naman ay mula sa malinaw at magandang sapa sa nasabing barangay.

Bukod sa mga halaman at hayop ay sagana sa kalikasan ang bayan ng Juban na siyang nagpapaganda sa lugar na ito. Ipinapakita na may malaking papel ang kalikasan sa pagbigay ng pangalan ng mga barangay ng mga unang residente na nanirahan sa lugar. Ayon naman kay Rebustillo (2018)[9] napapanatili pa rin ang ilang kultura magpasahanggang ngayon. Tunay na may hatid na malaking ambag sa panitikan ang mga pagbabagong naganap sa kasaysayan at kultura ng bawat baranggay.

Ang barangay Sablayan ay mula sa "sablay" dahil sa pag sablay o pagsabit ng mga lambat ng mga katutubong residente sa dalampasigan ng barangay. Pinatutunayan lamang nito na pinahahalagahan ng mga unang residente ng barangay ang kanilang gawain o pamumuhay kaya't hinango mula rito ang pangalan ng kanilang barangay. Ang barangay Maalo ay pinaniniwalaan naman na hango sa pag-uugali. Mula ito sa salitang bikol na "maalo" bilang pag-uugaling taglay ng mga nakatira sa barangay na ito na napakatahimik at mahiyain. Ang ugaling pagiging mahiyain ay angkop na paglalarawan sa mga kinasanayang gawi ng mga taong naninirahan sa barangay Maalo.

Sa madaling salita, ang paghango sa pangalan ng barangay ay repleksyon ng pag-uugaling isinasabuhay ng mga residenteng nakatira sa barangay. Batay nga sa pag-aaral ni Besmonte (2022)[10] nang pagsasama ng mga katutubong kuwento, artefact,

pananamit, sining, at iba pang mga tanda ng kultura ng isang tao. Tinuran din niya na sa kurikulum ng edukasyon ay naaangkop itong maisabay upang matukoy ng mga kabataan ang mahahalagang mensahe sa pag-aaral nito. Ang mga lokal na pamahalaan ay dapat na gumawa ng mga hakbang upang mapanatili at maprotektahan ang mga kulturang tanda ng kasaysayan.

Ang kuwentong pinagmulan ng pangalan ng barangay Lajong ay hinango sa pangalan ng tao na hanggang sa kasalukuyan ay ito ang pagkakakilanlan, ito naman ay ayon sa limang (5) impormante na nakalap ng mananaliksik. Lema at Hong ang pangalan ng mga taong pinaghanguan ng pangalan ng barangay. Sila ay kinagiliwan ng mga kabaranggay dahil sa kanilang kabaitan at pakikisalamuha, kaya't napagpasiyahang pangalanan ng Lemajong ang barangay bilang pagkilala sa mag-asawa, na kinalaunan ay naging Lajong na lang.

Ang barangay Sipaya naman ay hango sa pangalan ng hayop batay sa mga kuwentong pinagmulan ayon sa limang (5) impormante at itinuturing pa ring pangalan ng lugar hanggang sa kasalukuyan. Naibahagi nila na galing sa "paya" na isang uri ng hipon na matatagpuan sa ilog ang pangalan ng barangay.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang mga barangay sa bayan ng Juban ay may mga pinagmulang kuwento na kakikitaan ng pagpapahalaga sa kalikasan, pag-uugali, gawain at iba pang pinaghanguan ng mga pangalan ng mga barangay.

Sa pangkalahatan, ang mga kuwentong pinagmulan ng bawat barangay sa Juban ay nagmula sa lokasyon, pangyayari, halaman o punongkahoy, kalikasan, gawain o hanapbuhay ng mga mamamayan, pag-uugali, pangalan ng tao, at hayop. Ito ay isang implikasyon na mayaman ang Juban sa iba't ibang panitikan tungkol sa kasaysayan at kultura ng bawat barangay. Ito ay nagpapakita lamang na ang bawat barangay ay may natatanging pinagmulan at pagkakakilanlan na nagpapakita ng kanilang kasaysayan at kultura.

Upang magkaroon ng mas malalim na pagkilala sa sarili, mahalagang malaman ng mga tao kung saan nagmula ang pangalan ng kanilang barangay. Nararapat na ang mga tao ay mahikayat na buhayin at muling pagyamanin ang mga natatagong panitikan sa kanilang lugar. Magagawa lamang ito kapag ang mga tao sa komunidad ay sama-samang nagsusumikap upang magbalik tanaw sa mga panitikang mayroon ang kanilang lugar na maaaring makatulong upang magkaroon ng kamalayan at pagpapahalaga sa kanilang sariling panitikan, kultura, kasaysayan at mga tradisyon.

**Paksaing Nakapaloob sa Bawat Kuwento.**

Ang talahanayan ay nagpapakita ng mga paksang nakapaloob sa mga pinagmulang kuwento ng pangalan ng bawat barangay sa Juban, Sorsogon at pati na rin ang mga barangay na kabilang sa bawat paksa.

Nangunguna ang pangkalikasan sa mga paksa ng pinaghanguang pangalan at kuwento ng bawat barangay na mayroong siyam (9) na barangay, pangalawa ay ang paksa patungkol sa lokasyon na mayroong pitong (7) barangay. Ang sumunod naman ay pangyayaring naranasan na may anim (6) na barangay. Habang tig-iisang (1) barangay naman ang may paksa ang kuwento patungkol sa pamumuhay, pag-uugali at pangalan ng tao.

| Mga Paksa | Mga Barangay |
|---|---|
| | |
| Pangkalikasan | Añog, Aroroy, Biriran, Catanagan, Cogon, Bacolod, Buraburan, Puting Sapa, Sipaya |
| Lokasyon | Binanuahan, Calateo, Catanusan, Emb arcadero, Guruyan, North Población, South Población |
| Pangyayaring naranasan | Calmayon, Caruhayon, Rangas, Taboc, Tinago, Tughan |
| Pamumuhay | Sablayan |
| Pag-uugali | Maalo |
| Pangalan ng tao | Lajong |

**Pangkalikasan**

Pangkalikasan ang unang paksa na nakapaloob sa pinagmulang kuwento ng mga barangay. Makikita na siyam (9) na barangay ang makikitang isinusog sa kalikasan ang pagpapangalan ng mga ito. Ang mga barangay ng Añog, Aroroy, Biriran, Catanagan, Cogon, Bacolod, Buraburan, Puting Sapa, Sipaya. Makikita rito na ang Juban ay mayaman sa likas na yaman dahil sa iba't ibang punongkahoy at halaman na tumutubo at nabubuhay rito. Mayroon ding mga ilog at bukal na matatagpuan na tunay ngang nakamamangha hindi lamang sa mga katutubong nakatira kundi ay pati na rin sa mga dayuhang napapadpad sa lugar. Isa rin ang mga hayop sa may malaking epekto sa pagpangalan sa mga nabanggit na barangay.

**Lokasyon**

Ang sumunod ay ang pitong (7) barangay na may pinaghanguan ang pangalan at kuwento na may paksang patungkol sa lokasyon. Ang mga ito ay Binanuahan, Calateo, Catanusan, Embarcadero, Guruyan, North Poblacion at South Poblacion. Ang barangay Binanuahan ay hango sa salitang "banua" na ibig sabihin ay sentro ng lugar. Ang Calateo ay mula naman sa katagang "kala tiyo" na tumutukoy sa malaking bahay ng isang kastila na nakatira sa barangay. Habang ang Catanusan ay tumutukoy sa matanos na dalan o matuwid na daan, at ang Embarcadero naman ay tumutukoy sa daungan. Ang barangay Guruyan naman ay lugar na pinaglilinisan at pinagpuputulan ng puno ng rattan. At ang barangay North Poblacion at South Población naman ay nagmula sa Poblacion na hinati sa dalawang bahagi.

**Pangyayaring naranasan**

Ang sumunod naman ay mayroong paksa ang pinagmulang kuwento na patungkol sa pangyayaring naranasan, ang mga ito ay ang anim (6) na barangay Calmayon, Caruhayon, Rangas, Taboc, Tinago, at Tughan. Ang pagpapakalma ng matandang pinuno sa nag-aaway na dalawang pangkat ng mga naninirahang katutubo sa lugar at ang pagputok ng bulkan ay mga naranasan ng mga katutubong nakatira sa lugar. Dahil din sa pagkabanggit ng salitang caruha ng mga dayuhan na nagpapatungkol sa kambal ay nahango ang pangalan ng barangay ng Caruhayon. Maging ang pangas na nakuha ng isang kastila mula sa pagtawid sa ilog, ang

paglalakbay sa ilog ng Cadac-an bago marating ang pupuntahang barangay, ang pagtatago sa mga maliliit na kuweba dahil sa pagtakas sa mga mananakop na dayuhan ay mga hindi malilimutang karanasan.

**Pamumuhay**

Ang pamumuhay ay naging paksa rin ng pinagmulang kuwento at pangalan ng barangay Sablayan. Ito ay tumutukoy sa pagsabit ng mga mangingisda ng kanilang mga ginamit na lambat sa may dalampasigan ng lugar. Ang pagpapangalan sa barangay na hango sa pamumuhay na mayroon ang mga katutubong residente ay isang paraan ng pagbabalik-tanaw at pagtangkilik sa buhay noon. Ang simpleng pamumuhay ay pagpapatunay lamang na ang mga katutubong tao ay masagana at maligayang namumuhay noon.

**Pag-uugali**

Ang paksang pag-uugali naman ay mayroong isang barangay, ito ay ang barangay Maalo. Ang pagiging tahimik at mahiyain ay natural na katangian ng mga nakatira sa barangay na ito, na kumakatawan naman sa katangian ng mga Pilipino.

Maituturing na repleksyon ng pag-uugali ng mga sinanunang Pilipino ang pinaghanguang pangalan ng barangay, kaya't masasabing mayroon silang pagpapahalaga sa ugaling likas sa kanila.

**Pangalan ng tao**

Maging ang pangalan ng tao ay naging paksa ng pinagmulang pangalan at kuwento ng barangay Lajong. Ito ay nagmula sa pinagsamang pangalan ng mag-asawang Lema at Hong na kinalulugdan ng mga residente sa barangay dahil sa taglay na bait at mabuting pakikisama sa kapwa.

Ang mga resulta ng ginawang pag-aaral ay nagpapahiwatig na sagana ang mga barangay ng Juban sa mga kuwentong historikal at kultural. Ibig sabihin rin nito, ang Juban ay may mga panitikan na rin noong panahon na may paksa patungkol sa pangkalikasan, lokasyon, pangyayaring naranasan, pamumuhay, pag-uugali, at pangalan ng tao na kakikitaan ng kaugalian at uri ng pamumuhay ng mga tao noon. Ito rin ay isang implikasyon na mayaman ang Juban sa kulturang maaaring ipagmalaki sa iba sa pamamagitan ng panulat at iba pang paraan ng pagpapakilala.

**Maiaambag ng mga kuwento ng bawat baranggay ng Juban sa Panitikang Jubangnon.**

Napakahalagang malaman at makalap ang mga kuwento ng bawat barangay sa bayan ng Juban upang malaman kung ano ang mga pinaghanguang pangalan at kuwento ng kanilang barangay. Malaki ang naiambag ang mga kuwentong pinagmulan ng mga pangalan ng bawat barangay sa panitikang Jubangnon. Narito ang mga naiambag:

**Makapagbalik-tanaw sa pamumuhay ng mga ninuno natin noon.**

Malaki ang pagkakaiba sa kinasanayan nating pamumuhay sa kasalukuyan mula sa pamumuhay na mayroon ang mga ninuno natin noon. Sa pamamagitan ng pag-alam sa mga kuwentong pinagmulan ng mga pangalan ng barangay, magkakaroon ng ideya sa paraan ng kanilang pamumuhay, sa kanilang mga gawain sa pamayanang kinabibilangan, mga tradisyon, at maging sa mga pangyayari. Makikita ito ito sa kuwento ng pangalan ng kanilang barangay. Napakahalaga umano ng mga kuwentong nagmula pa sa mga ninuno at mga matandang unang nanirahan sa kanilang barangay upang magkaroon ng kaalaman at kamalayan sa mga pinagmulang kuwento ng sariling barangay na makapag-aambag sa panitikang Jubangnon. Ayon sa mga impormante dahilan ito upang mabalikan natin ang mga kuwento ng ating mga ninuno.

Gaya ng tinuran ni Santos (2008)[11] napapaloob sa ating kasayasayan ang tradisyon, kultura't kaugalian. Binabalikan ito ng mga tao sa pamamagitan ng panitikan. Ang panitikan ay sumasalamin sa ngayon. Kaya't kailangan na pahalagahan natin ang ating kultura at tradisyon, at mas maintindihan natin ang mga ito. Inaasahan na ang mga mamamayan ay magkaroon ng pagpapahalaga at pagbabalik-tanaw sa kasaysayan upang ang mga nakaraan ay mabalikan nang sa gayon ay magkaroon ng kaalaman sa bagong kaganapan at pangyayari.

**Kaalaman sa bawat barangay at panitikan nito.**

Malaki ang ambag ng mga kuwento ng bawat barangay sa panitikang Jubangnon dahil ang mga mamamayan ay magkakaroon ng sapat na kaalaman sa mga pinagmulang kuwento ng kanilang sariling komunidad. Mamumulat sila kung gaano kaganda at kakulay ang mga tunay na kuwentong ito na naglalaman ng mayaman nilang kasaysayan at kultura na bumuo sa natatanging akda ng kanilang lugar. sa pamamagitan nito, higit nilang maiintindihan at makikilala ang kanilang sariling pinagmulan. Bukod pa riyan higit na mapagtutuunan ng pansin at mabibigyang halaga ang pagkilala sa sariling panitikan ng kanilang lugar na ito ay bukod tangi kaya't kinakailangang bigyan ng interes, pagpapahalaga at pagkilala ng mga Jubangnon.

Ayon nga kina Ramos et. al (2005)[12] nalalaman ng tao ang kaniyang tunay na katauhan at kung ano ang kaniyang inaasahang gawain sa pangkasalukuyan sa tulong ng mga gawaing pampanitikan. Bilang mga mamamayang Pilipino higit nating mapauunlad ang ating sarili at pamumuhay kung mayroon tayong malalim na pag-unawa sa ating sariling pinagmulan. Ito'y nagbibigay-daan sa mga tao na alalahanin at yakapin ang kanilang pinagmulan at kumuha ng mga aral mula sa nakaraan.

**Maging lunsaran sa pagbuo ng iba't ibang genre ng panitikan.**

Ang mga kuwentong pinagmulan ng mga pangalan ng mga barangay na kinapapalooban ng mga pangyayaring historikal ay makapag-aambag sa panitikan, dahil maaaring makagawa mula dito ng mga kuwento, dula-dulaan, at tula. Ang mga akdang ito ay maaaring gawing magasin, libro at iba pang babasahin upang may mailathala o mailimbag na mga babasahin sa panitikan at malawakang maipaalam ang bawat kuwentong mayroon ang kanilang barangay. Ang mga karagdaganag babasahing ito ay maaring gamiting kagamitang pampagtuturo ng mga guro na makatutulong sa kanila upang epektibong maituro sa mga mag-aaral ang panitikan.

Ayon nga sa pag-aaral ni Lopera (2018)[13] nadiskubre na may mga alamat sa bayan ng Sorsogon na nagpapakita ng kani-kanilang pinagmulan, kasaysayan, at kultura at ang mga ito ay maaring maging karagdagang teksto sa pagtuturo ng Filipino.

**Maipakilala ang kanilang barangay sa mga bumibisita.**

Makikilala rin ang bawat barangay dahil sa mga natatanging kuwento na makapag-aambag sa panitikan. Kapag nakilala ang mga barangay na ito, maraming turista ang mahihikayat na bisitahin ang mga barangay na ito at uunlad ang pamumuhay ng mga taong nakatira dito. Ito rin ay makatutulong upang lalo pang mapaunlad at lumago ang kanilang turismo at ekonomiya.

Sa madaling salita, ang mga kuwentong ito ay dapat tuklasin, pagyamanin at kilalanin upang magamit ang mga ito upang ipakita ang kagandahan at kahalagahan ng kasaysayan ng bayan ng Juban maging ang mga produktong tanyag sa bawat barangay. Makikilala ang bawat barangay batay sa mga produktong tanyag sa kanilang lugar na tatangkilikin ng mga mamamayan at turistang magagawi sa kanilang lugar. Malaking tulong ito upang mapalago ang kanilang ekonomiya bukod pa sa panitikang pagkakakilanlan ng kanilang kinabibilangang barangay.

Ayon nga kay Jersey (2016)[14], ang pagkilala sa kuwento ng isang lugar ay mahalaga dahil ito ang pinagmumulan ng tunay na kuwento at kultura. Ang pagkilala sa kuwento ng lugar ay nagbibigay-daan sa pagkilala sa mga gawi, kaugalian, tradisyon, paniniwala, at kaugalian, pati na rin ang mga kuwento na nagmula sa nakatagong akda ng lugar o bayan. Kaya't napakalaki ng ambag ng mga kuwento ng barangay sa panitikang Jubangnon na siyang magmumulat sa kamalayan ng mga lokal na residente at ng lahat ng tao sa uri ng pamumuhay at kultura.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang bawat barangay sa bayan ng Juban, Sorsogon ay mayroong mga kahanga-hangang kuwentong pinagmulan. Iba't ibang paksa ang kuwentong pinagmulan ng mga pangalan ng bawat barangay sa Juban, Sorsogon. Mayroon naiambag ang mga kuwento ng bawat barangay ng Juban sa Panitikang Jubangnon. Inirerekoenda na hikayatin ang mga mag-aaral at mga mamamayan sa komunidad na basahin at tangkilikin ang sariling panitikan upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kamalayan sa sariling pinagmulan. Upang higit na makilala at mapahalagahan ang lugar, kultura, kasaysayan at yamang mayroon, nararapat na makipagtulungan at makipagkaisa ang lahat sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga kuwentong pinagmulan ng kanilang sariling lugar. Ang mga mga nakalap na kuwentong pinagmulan ng bawat barangay sa bayan ng Juban, Sorsogon ay maaaring magamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng mga guro upang higit na kawili-wili at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Maaari din itong gawing babasahing lokal na isang epektibong paraan sa pagmulat at pagpapalawak ng kamalayan ng mga mamamayan ng Juban sa kanilang kultura at kahanga-hangang panitikan. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang 3magbibigay-daan sa paghanap, pagkilala at paglathala sa mga natatagong panitikan.

## SANGGUNIAN


[1]. Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 15 (Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987)

[2]. PhilAtlas.com (https://www.philatlas.com/luzon/r05/sorsogon/juban.html)

[3]. Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 18, Bilang 2 (Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987)

[4]. Republic Act No. 10066 o National Heritage Act of 2009 (Omnibus Cultural Heritage Law)

[5]. Gajo, Marinhel M. (2018). Pinagmulang Kuwento ng Bawat Barangay sa Irosin, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.

[6]. Dichoso, Irish B. (2019). "Mga Pinagmulang Kwento ng Bawat Barangay ng Castilla, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon

[7]. Espinocilla, Jayzyl M. (2022). Sipat sa Kuwento ng mga Barangay sa Bayan ng Gubat. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod Sorsogon.

[8]. Rebustillo, Bebeth H. (2019). Kasaysayan at Kultura ng Bawat Barangay sa Munisipyo ng Bulan; Ambag sa Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.

[9]. Besmonte, Edgardo L.(2022). "Identification and Safeguarding of Intangible Cultural Heritage of Tabaco City through Cultural Mapping", Bicol Unversity

[10]. Santos, Teresita (2008). Larangan: Seminar Essays on Philippine Culture: Manila, National Commision for Culture, No. 3.

[11]. Ramos et. al (2005). Panitikang Pilipino. Quezon City: Rex Bookstore Inc.

[12]. Lopera, Aryan B. (2018), Alamat ng mga Bayan ng Sorsogon: Karagdagang Teksto sa Pagtuturo ng Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.

[13]. Jersey, Carmela D. (2016). Mga Akda Tungkol sa Pagkilala ng Kulturang Bacongnon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.